

CHAPTER ONE

A balang naghahiwa si Carla ng rekado para sa kanilang pananghalian nang magbukas ng refrigerator ang pamangkin niyang si Harvey.

Inaabot nito ng bote ng tubig.

“Harvey, ingat ka sa pagkuha ng bote sa ref. Baka makabasag ka, tiyak na ako na naman ang pagagalitan ng mommy mo,” sabi niya sa pamangkin, sabay baling muli sa paghihiwa.

Kabibigkas pa lamang niya sa babala nang marinig niya ang ingay ng nabasag na bote.

“Carla, ano na naman ba ‘yan?” mula sa sala ay galit na sigaw ni Athena, kapatid niya sa ama.

Lumapit siya sa natulalang pamangkin. “Naku, Harvey, ‘yan na nga ba ang sinasabi ko! Ako na naman ang pagagalitan ng mommy mo. Umalis ka na dito at baka masugatan ka pa ng bubog.”

Nang makalabas ng kusina ang bata, humagip siya ng basahan, walis at dustpan sa labas. Pagbalik niya ay naroon na ang Ate Athena niya, nakapamaywang. Walang-imik na inumpisahan

niyang linisin ang basag na bote.

“Ano na naman ba ito, Carla? Aba, mauubos ang babasaging gamit namin dito sa bahay gawa mo!” singhal nito.

“Eh, Ate, hindi naman ako ang nakabasag,” pagtatanggol niya sa sarili habang winawalis ang mga bubog. “Si Harvey.”

“Kasalanan mo pa rin. Alam mong hindi pa kaya ni Harvey magbuhat ng boteng may laman, kaya dapat tinulungan mo siya. Kung ginawa mo ‘yon hindi sana nabasag ang bote. Ang hirap sa iyo puro ka dahilan. Ayaw mong gamitin ‘yang kukote mo. Tatanga-tanga ka!”

Kailangan pa bang tulungan ang isang ten-year-old na bata na magbuhat ng katamtamang laki na bote ng tubig? gusto sana niyang itanong sa kapatid, ngunit nagpigil na lamang siya para huwag nang humaba ang usapan.

Lumapit si Athena sa lababo at nakita ang mga hinihiwa niyang rekado kani-kanina lang. “Ang ibig mong sabihin, Carla, alas onse na’y naghihiwa ka pa lang ng rekado? Anong oras mo balak lutuin ito? Aba, malapit nang dumating si Dodie at tiyak na gutom ‘yon. Magwawala na naman ‘yon kapag dumating

siyang wala pang lutong pagkain. Bilis-bilisan mo naman ang kilos mo. Kailangan ka pa bang bantayan para matuto ka? Nabubuwisit na ako sa 'yo. Pareho lang kayo ng nanay mo, perhuwisyo sa buhay ko!" yamot na ismid nito bago lumabas ng kusina.

Nang mawala ito sa kanyang paningin, saka pa lamang niya pinabayaang tumulo ang kanyang luha. Tahimik niyang tinapos ang paglilinis ng sahig at saka binalikan ang paghihiwa ng gulay.

"CARLA, kumuha ka nga ng steak knife at medyo matigas itong beef na luto mo. Kulang yata ang pakulo mo," utos ni Athena sa kapatid, na agad namang tumayo para sundin ito.

Walang nakapansin sa malagkit na tinging ibinigay ni Dodie sa dalaga. "Carla, dagdagan mo nga itong kanin na nakahain," ang utos nito, na agad din niyang sinunod matapos iabot sa kapatid ang steak knife.

Nang wala nang utos ay naupo na siya ulit at binalikan ang naiwang pagkain.

"Dad, mamasyal tayo sa mall. Nakakainip na kasi dito sa bahay," pangungulit ng panganay na si Harvey.

Pinangalawahan iyon ng bunsong si Homer. “Oo nga, Daddy, pasyal naman tayo. Ang tagal na nating hindi nagpupunta sa mall.”

Madali namang bumigay ang ama sa pangungulit ng mga bata. “O sige, aalis tayo right after lunch.”

Binalingan ni Athena ang kapatid. “Carla, hindi ka na namin isasama. Magplantsa ka na lang; tambak na ang plantsahin mo.”

Tumango siya. Ayaw rin naman niyang sumama sa mall. Maglalaway lang siya roon dahil wala siyang perang pambili ng magugustuhan niya.

Isa pa ay darating ang pinsan niya sa mother’s side na si Rosenda. Isa itong nurse na kumukuha ng mga pribadong pasyente. Wala pa itong bagong kliyente kaya nagkaroon ito ng pagkakataong dalawin siya.

“Ate, darating nga pala si Rosenda mamaya. Okay lang ba na papasukin ko?” tanong niya sa kapatid.

“Sige, basta hanggang sala lang,” tugon nito. “Mahirap na at baka matukso kapag dinala mo sa itaas.”

Gusto niyang mapangiwi. “Hindi naman malikot ang kamay ni Rosenda, Ate.”

NAGPAPLANTSA SI CARLA sa sala habang pinapanood siya ng kadarating lang na pinsan. Dito niya naihinga ang kanyang mga sama ng loob sa kapatid.

“Ewan ko nga ba sa iyo kung bakit nagtitiyaga ka dito sa poder ni Athena,” iling nito. “Eh, puro mura at maaanghang na salita lang naman ang natatanggap mo sa kanya sa kabila ng pakinabang niya sa iyo.”

“Alam mo, hanggang ngayon nga’y nagtataka pa rin ako kung bakit galit na galit si Ate Athena sa amin ni Mama. Wala naman akong natatandaang ipinakitang masama ng Mama sa kanya noon. Sa panig ko naman, wala akong ginawang masama sa kanya noong mga bata pa kami.”

Tumitig lamang sa kanya si Rosenda, nag-iisip. Ilang sandali pa ay napabuntong-hininga ito. “Gusto mong malaman kung bakit galit na galit si Athena sa inyo ng mama mo?” seryosong tanong nito.

Nang marinig ang pormalidad sa tono ng pinsan, napatingin siya rito. Itinigil niya ang ginagawa at saka naupo sa tabi nito. Hinawakan nito ang kanyang kamay na animo binibigyan siya ng lakas para tanggapin ang katotohanan.

“Ang mama mo ang dahilan ng pagkamatay ng mama ni Athena.”

Gulat na napakunot-noo siya. “P-paanong nangyari iyon?” naguguluhang usisa niya. “Ang pagkakaalam ko’y patay na ang ina ni Ate Athena bago nagkakilala ang Papa at Mama.”

“Hindi totoo ‘yon. Maraming bagay ang itinago sa iyo ang iyong mga magulang. Siguro mas maigi kung sisimulan ko sa umpisa...” Ipinikit nito ang mga mata para isiping mabuti kung saan dapat umpisahan ang kuwento. “Ang iyong papa ay galing sa isang kilala at mayamang pamilya sa Bulacan. Kaya lang noong mag-beinte uno na siya ay nanganib na mawala ang kanilang yaman dahil sa mga maling desisyon sa negosyo na nagawa ng kanyang ama. Bilang solusyon sa kanilang financial problem ay ipinagkasundo siya ng mga magulang sa nag-iisang anak ng mga Rubias, si Doña Mercedes. Patay na patay si Doña Mercedes kay Don Marcial, dahil talaga namang napakaguwapo ng iyong ama kung matatandaan mo. Si Don Marcial naman, kahit walang gusto kay Doña Mercedes dahil hindi ito kagandahan at mas matanda pa sa kanya ng limang taon, ay madaling sumunod sa nais ng mga magulang niya dahil ayaw din niyang

maghirap.

“Pagkatapos ng ilang buwang ligawan, nagpakasal nga ang dalawa. Kondisyon ng kasal na si Don Marcial na ang mamamahala sa mga negosyo ng mga Rubias dahil may katandaan na rin ang mga magulang ni Doña Mercedes noon. Pagkatapos ng kasal at nang masiguro niyang nasa kanya na ang kayamanan ng mga Rubias, nagbalik na ang iyong ama sa pagiging babaero. Wala siyang pakialam kung nasasaktan ang asawa niya sa kanyang mga ginagawa, basta’t ang mahalaga sa kanya ay may pera na ulit siya para maipagpatuloy ang kanyang maluhong buhay.

“Isang taon matapos ang kasal ay isinilang ni Doña Mercedes si Athena. Nagkaroon nga lang ng kumplikasyon ang kanyang panganganak kaya sinabihan siya ng doktor na hindi na siya maaaring mabuntis ulit. Kapag nangyari iyon ay maaaring buhay na niya ang kapalit. Simula noon ay lalo pang naging babaero ang papa mo dahil nahaluan na ng galit ang damdamin niya sa kanyang asawa dahil hindi na siya nito mabibigyan ng anak na lalaki.

“Nang sampung taon na si Athena, dumating sa bahay nila si Tiya Estrella. Ipinadala siya doon

ng lolo't lola mo para maging katulong. Mahirap lang kasi sila, hindi ba? Batang-bata pa noon si Tiya Estrella, disiseis lamang at napakaganda. Nagkagusto sa kanya ang iyong papa kahit na malaki ang agwat ng kanilang edad, hanggang sa may mamagitan sa kanila. Nabuntis si Tiya Estrella. Nang malaman ito ni Doña Mercedes, inatake siya sa puso dahil sa sobrang sama ng loob. Alam niyang kung lalaki ang magiging anak ni Tiya Estrella, tiyak na iiwan siya ng asawa.

“Si Athena, dahil sampung taon na siya nang mga panahong iyon, ay naintindihan na ang mga pangyayari. Isang taon pagkamatay ni Doña Mercedes ay nagpakasal na ang iyong mama at papa. By that time ay naisilang ka na rin.

“At talaga namang mahal na mahal kayo ni Don Marcial. Tumigil na siya sa pagiging babaero; inilipat niya kayo sa Maynila para mailayo kayo ng iyong mama sa mga malisyosong usapan ng mga tao. Si Athena naman ay naiwan sa bahay sa Bulacan sa pangangalaga ng mga katulong,” pagtatapos nito.

Pinahid ni Carla ang luhang kanina pa tumutulo sa kanyang pisngi. “May rason naman pala ang galit ni Ate Athena. Pero bakit pinatira pa niya ako rito nang mamatay ang Mama at Papa gayong galit pala

siya sa akin?"

"Para kahit wala na ang iyong mama at papa ay makapaghiganti pa rin siya sa hirap na dinanas niya at ng kanyang ina," tugon ng pinsan. "Alam mo, bukod sa ginawa ng mama at papa mo, tingin ko'y may iba pang mga rason."

Napakunot-noo siya. "Ano pang ibang rason ang puwede niyang ikagalit?"

"Inggit sa iyo," nakakibit-balikat na sagot nito. "Selos. Dahil mas minahal ka ng papa ninyo. Maaari ring inggit dahil matalino ka tulad ng iyong papa at maganda tulad ng iyong mama."

Nakakagat-labi niyang tiningnan ang pinsan at saka basag ang tinig na nagsalita. "B-bakit itinago n'yo ito sa akin?"

"Nalaman ko lang ang katotohanan nang mamatay ang iyong mga magulang. Ikinuwento sa akin ni Mama ang katotohanan. Kaya naman niya ikinuwento sa akin dahil napansin kong worried na worried siya nang manirahan ka kay Athena nang mamatay ang mga magulang mo. Kinulit ko siya noon na sabihin sa iyo ang katotohanan para makumbinsi kang umalis dito at sa amin na lang manirahan, kaya lang nakapangako yata siya kay Tiya

Estrella na hindi niya ipagtatapat ang katotohanan sa iyo.”

“Bakit ayaw nilang malaman ko ang totoong nangyari?” naguguluhang tanong niya.

“Ayon sa Mama, ayaw daw ng mga magulang mo na magalit ka sa kanila. Ayaw ni Tiya Estrella na mawala ang respeto mo sa iyong papa.”

Natahimik siya sa paliwanag ng pinsan.

“Carla, ngayong alam mo na ang dahilan ng galit ni Athena, sana ay makukumbinsi na kitang umalis sa poder niya. Siguro naman ay malinaw na sa iyo na gusto lang niyang gawing miserable ang buhay mo kaya ka niya kinupkop.” Napailing-iling ito. “Biruin mo, pinatigil ka niya sa pag-aaral gayong maganda naman ang performance mo noong unang taon mo sa *U.P.* Bakit ka niya pinatigil? Ang sabi ni Athena, dahil ang perang minana mo sa papa ninyo ay naiipit pa rin sa bangko. Dalawang taon na ang nagdaan ay hindi pa rin ibinibigay ng bangko ang pera ninyo. Napakaimposible naman niyon. At habang pinapaasa ka niya sa perang iyon ay ginagawa ka niyang alipin, katulong na walang bayad at walang pahinga. Nineteen years old ka na ngayon, hanggang kailan ka niya balak pahirapan?”

Nagpakawala siya ng isang malalim na buntong-hininga at saka tumingin sa kawalan. “Sumama ako kay Ate Athena nang mamatay ang Mama at Papa dahil akala ko’y iyon na ang pagkakataon para maging close kaming magkapatid. Akala ko, iyon ang paraan para matutuhan niya akong mahal. Pero sa ikinuwento mo sa akin, palagay ko’y hopeless nang mabago pa ang pagtingin niya sa akin.”

Nanahimik lamang ito.

“Tama ka, Rosenda, dapat na akong umalis dito. Kaya lang, saan naman ako pupunta? Paano ako mabubuhay gayong wala akong pera? Sa palagay ko’y hindi basta iaabot ni Ate Athena ang mana ko mula sa Papa nang ganoon na lamang.”

Hinawakan siya ng pinsan sa balik. “Sumama ka muna sa akin. Doon tayo sa boarding house na tinitirhan ko. Mabait ang aking kasera; papayag ‘yon na mag-share muna tayo sa kuwarto,” pahayag nito. “Ang pera, huwag mo masyadong problemahin. Mayroon kaunting naiwan ang Mama sa akin. Maaari kong ipahiram muna iyon sa iyo. Kapag nakahanap ka na ng trabaho, makakaipon ka na para makabalik sa eskuwela. Maraming opportunities ang naghihintay sa iyo. Bata ka pa at

matalino, kaya huwag kang matakot na lumaban at makipagsapalaran.”

Lumapit siya rito at niyakap ito nang mahigpit. “Rosenda, maraming salamat sa lahat ng tulong mo sa akin. Hindi ko alam kung paano ko mababayaran ang mga utang-na-loob ko sa iyo.”

Nakangiting tiningnan nito ang kanyang mukha. “Carla, alam mo namang mahal na mahal kita at parang kapatid na rin kita,” sabi nito. “Paano, sasama ka na ba sa akin ngayon? Siguro dapat mag-impake ka na para makaalis na tayo. Ayokong abutan pa tayo ni Athena dito. Tiyak na kung ano-ano ang sasabihin niyon kapag nalamang aalis ka na.”

“Hindi muna ngayon,” iling niya. “Kasi marami akong gustong ayusin bago ako umalis. Kailan ba tayo puwedeng magkita ulit?”

“Nakapangako kasi ako sa huling pasyente ko na babalik ako sa Batangas bukas para ma-train ko ang permanent nurse niya na darating sa Lunes. Malamang ay Wednesday na ng umaga ako makabalik.”

“Eh, di sa Wednesday magkita tayo sa *Baclaran Church*, bandang alas doce. Maghintayan tayo hanggang alas tres. Sigurado ka bang papayag ang

kasera mo na maki-share ako sa iyo?"

"Oo, mabait 'yon. Naku, Carla, tuwang-tuwa ako sa desisyon mo! Sa wakas ay natauhan ka na rin." Nagyakap sila nang mahigpit, pagkatapos ay kinuha nito ang wallet mula sa bag. "Heto ang five hundred pesos. Pamasaha mo 'yan sa Wednesday. 'Yung matitira ay ipangkain mo kasi baka ma-late ako. Siyempre manggagaling pa ako ng Batangas; hindi ko alam kung anong oras ako makakabalik sa Maynila." Nagpaalam na ito pagkatapos niyon.

CHAPTER TWO

Miyerkules, bandang alas onse ng umaga, tinatapos na ni Carla ang sulat na iiwan niya para sa kapatid nang marinig niya ang busina ng sasakyan ni Dodie. Dali-dali siyang lumabas ng kuwarto para buksan ang gate.

Namroblema siya kung papaano makakaalis ng bahay ngayong umuwi nang hindi inaasahan ang kanyang bayaw. Binuksan niya ang gate at hinintay na makapasok ang sasakyan nito.

“Kuya, good morning,” salubong niya pagkaibis nito. “May problema ba?”

“Oo, Carla, masama ang tiyan ko. Dalhan mo ako ng *Diatabs* sa kuwarto,” nagmamadaling utos nito.

“Opo, Kuya Dodie.” Pagkasabi niyon ay agad siyang tumalima.

Pagdating sa itaas ay nakita niyang bukas ang pinto ng kuwarto ng mag-asawa. Sumilip siya pero wala ang kanyang bayaw. Narinig niya ang lagaslas ng tubig sa banyo kaya tumuloy na siya sa loob ng silid upang ilagay ang gamot at tubig sa side table.

Pagpasok niya, may biglang tumulak sa kanya. Nabitawan niya ang gamot at baso ng tubig bago bumagsak nang padapa ang katawan niya sa kama. Nang makabawi ay agad siyang tumihaya para alamin kung sino ang tumulak sa kanya.

Kinilabutan siya nang tumambad sa paningin niya si Dodie. Nakahubad ito habang matamang nakatitig sa hita niyang na-expose nang tumaas ang kanyang duster sa pagbagsak niya sa kama. Bago pa siya makahuma, naramdaman niya ang matabang katawan nito na dumagan sa kanya.

“Walanghiya ka, bitawan mo ako!” bulyaw niya sa pagitan ng pagpupumiglas. “Kapag hindi mo ako binitawan, sisigaw ako!”

“Eh, di sumigaw ka,” nakangising sagot nito. “Wala namang makakarinig sa iyo. Matagal ko nang gustong gawin ito kaya wala nang makakapigil sa akin ngayon. Isa pa, alam kong gusto mo rin ako, kaya huwag ka nang magpakipot...”

Nanlaban siya ngunit sadyang mas malakas ito sa kanya. Mayamaya ay naramdaman niya ang pagkagat nito sa isa niyang dibdib.

Dahil sa nadamang kirot, nawala ang takot niya at nahalinhan ng galit. Napansin niya na ang isang hita

niya ay nasa pagitan ng dalawang hita ng lalaki kaya buong lakas niyang tinuhod ito.

Napatalon ang lalaki sa sakit. At habang namimilipit itong bumagsak sa sahig, tumayo siya at naghanap ng maihahampas dito. Nakita niya ang flower vase sa ibabaw ng side table. Dali-dali niya iyong dinaklot at ipinukpok sa ulo ng lalaki. Paulit-ulit niya itong pinukpok bago siya natauhan. Duguan ang ulo nito at wala na itong malay. Nagkalat sa sahig ang nagkapira-pirasong flower vase.

Nanginig ang buo niyang katawan at hindi maampat ang pagtulo ng luha sa kanyang mga pisngi. Saka pa lang niya naisip ang pinsan.

Si Rosenda! Tama, si Rosenda... tutulungan niya ako. Kailangang makaalis na ako dito. Diyos ko po, bigyan Ninyo ako ng lakas na makarating sa tagpuan namin ni Rosenda....

Nanginginig ang tuhod na tinungo niya ang sariling silid at saka nagbihis. Nagmamadali siyang umalis ng bahay.

Hindi na niya alam kung paano siya nakarating sa Baclaran. Papatawid na sana siya papuntang simbahan nang may biglang tumulak sa kanya mula sa likuran, sabay halbot sa kanyang shoulder bag.

Napaurong siya at huli na para umiwas sa isang paparating na sasakyan.

Ang huli niyang narinig ay ang malakas na pag-ingit ng brake bago siya tumilapon. Pagkabagok ng ulo niya sa sidewalk ay dagli siyang nawalan ng malay.

HUWEBES NG GABI SA *Makati Medical Center*.

Gustong ibuka ni Carla ang mga mata ngunit hindi niya magawa. Umungol siya, pagkatapos ay may mga daliring nagbuka sa isa niyang mata. May itinapat doong ilaw na sobrang liwanag.

“Nurse, pakihabol lang si Dr. Guevarra. Pakisabi na malapit nang magkamalay ang babaeng nabundol niya kahapon,” sabi ng boses-lalaki sa tabi niya. Pinilit niyang lumingon para tingnan kung sino iyon, ngunit nang igalaw niya ang kanyang ulo, nakadama siya ng matinding kirot. Napaungol siyang muli.

“Gising na ba siya?” Iba na ang tinig na sumunod niyang narinig, pero boses-lalaki pa rin.

“I think she is starting to come out of it,” sabi ng una.

Dahan-dahan niyang ibinuka ang mga mata. Una ay malabo ang paligid, ngunit unti-unti ay

nagliwanag din iyon.

“Good, you are awake,” sabi ng nagmamay-ari ng boses na una niyang naring. May edad na ang lalaki na may halong puti ang makapal na buhok at marami nang linya sa mukha. Napansin niyang nakasuot ito ng puting coat.

Sa likuran nito ay may isa pang lalaki na mas bata kaysa rito. Matangkad ito, guwapo, matangos ang ilong, mestisuhin, itim na itim ang makapal na buhok, ang mga pilik-mata ay parang sa babae ang haba, at ang mga matang titig na titig sa kanya ay malalim. Napansin niyang nakasuot din ito ng puting coat.

“Ako si Dr. Garcia, Carla. Ako ang attending physician mo. Naka-confine ka ngayon dito sa *Makati Medical Center*. Natatandaan mo ba ang nangyari sa iyo kahapon?” tanong ng lalaking may-edad na.

Hindi niya maialis ang kanyang mga mata sa guwapong lalaki. Pakiramdam niya ay na-magnet siya nito.

Sumagot siya sa tanong ni Dr. Garcia, pero sa guwapong lalaki pa rin siya nakatingin. “D-doctor?... Ospital?... Bakit, ano ang nangyari?” Napangiwi siya. Sumakit ang ulo niya.

“This is Dr. Andrew Guevarra. Siya ang

magpapaliwanag kung ano ang nangyari sa iyo.” Pagkasabi niyon ay tumalikod ang may-edad na doctor.

Lumapit naman sa kanya si Dr. Guevarra. “Nabundol kita kahapon sa may *Baclaran Church*, Carla. Hindi mo ba natatandaan?” tanong ng guwapong lalaki. Maganda rin ang boses nito. Masarap pakinggan.

Naguguluhan siyang umiling. “Hindi ko ho matandaan. Ang natatandaan ko lang ho ay ang sakit, maliban doon ay wala na,” nakakunot-noong sagot niya. “Dr. Guevarra, kanina pa ho ninyo ako tinatawag na ‘Carla’. Carla po ba talaga ang pangalan ko? Hindi ko po matandaan....” Hindi niya napigilan ang pagtulo ng luha sa sobrang takot at pag-aalala.

Nagkatinginan ang dalawang manggagamot. Yumuko ang nakababatang doctor at hinapplus-haplos ang kanyang buhok. “Shh... tahan na. Huwag kang mag-alala, hindi kita pababayaang....”

May naramdaman siyang itinurok sa kanyang braso. Mayamaya pa ay nilamon na ng antok ang kamalayan niya.

CHAPTER THREE

Kinabukasan, nagising si Carla nang maramdamang may humahaplos sa kanyang buhok. Hindi niya agad binuksan ang mga mata dahil nais pa niyang namnamin ang ginhawa ng paghaplos na iyon. Nang imulat niya ang mga mata, sinalubong siya ng nakakasilaw na liwanag.

Nabungaran niya ang isang guwapong lalaking nakaupo sa gilid ng kanyang kama. Kumurap-kurap siya. "P-patay na ba ako? Ikaw ba ang guardian angel ko?" inosenteng tanong niya.

Napatawa ito nang malakas sa tanong niya. Napangiti siya nang mapansing lalo itong gumuwapo sa tawang iyon.

"Hindi ka pa patay," tugon nito, "at hindi rin ako ang guardian angel mo. Ang bilis mo namang makalimot; kagabi lang ay ipinakilala ako sa iyo ni Dr. Garcia."

Napansin niyang bukas ang kurtina kaya nakapasok ang liwanag ng araw. Bigla niyang naalala

ang nangyari nang nagdaang gabi. “Ay, oo, naalala ko na.”

“Naaalala mo na rin ba ang nangyari noong Wednesday?”

Nag-isip siya sandali at napakunot-noo nang walang rumehistro sa isip niya. “Hindi pa rin. Wala pa rin akong maalala,” nahihirapang bigkas niya. “Doctor, ano ho ba talaga ang nangyari? Nasaan ang mga kamag-anak ko?”

“Unang-una, gusto kong mangako ka sa akin na ‘Andrew’ ang itatawag mo sa akin at hindi ‘Doctor,’” nakangiting saad nito. “At hindi ako ang doctor mo kundi si Dr. Garcia. Iba ang specialization ko. I am a plastic surgeon.... Ano, do I have your promise?”

“S-sige, Andrew,” aniyang hindi inaalís ang titig dito.

“Bueno, today is Friday. Two days ago—that is, last Wednesday—nabundol kita malapit sa *Baclaran Church*,” pahayag nito. Isinalaysay nito ang mga naganap pagkatapos niyon.

“Pagdating dito sa *Makati Med* ay sa emergency room na kita idinerecho. They treated your injuries, kaya lang matindi ang sugat mo sa ulo kaya kinabukasan ka na nagkamalay. Kagabi iyon, kung

natatandaan mo, nag-usap tayo. Kaya lang nang malaman mong wala kang maalala ay medyo nag-panic ka kaya nag-decide si Dr. Garcia na bigyan ka muna ng tranquilizer," pagtatapos nito

"I-ibig mong sabihin walang nakakaalam sa mga kamag-anak ko tungkol sa nangyari sa akin?"

Tumango lamang ito at saka hinawakan nang mahigpit ang kamay niya.

"Kung wala kayong nalalaman tungkol sa akin, paano ninyo nalaman ang pangalan ko?" nakakunot-noong tanong niya.

"Nakita ng nurse na nagbihis sa iyo ang pangalang 'Carla' sa loob ng pantalon na suot mo nang maaksidente ka. In-assume nilang iyon ang pangalan mo," paliwanag nito.

Nangingilid ang luha sa mga mata niya. "Wala bang naghahanap sa akin?"

Umiling ang lalaki. "Pagkatapos na maihatid kita dito, pinapunta ko ang aking driver sa police station sa Baclaran para alamin kung may naghahanap sa iyo, at para na rin mag-file ng accident report. Wala daw silang natatanggap na inquiries tungkol sa nawawalang babae. Kahapon ay pinatawag ko ang secretary ko sa police station na 'yon, pero wala pa rin

daw naghahanap sa iyo.”

Tumulo na nang tuluyan ang luha niya. Naghaluhalo na ang dahilan—pananakit ng katawan niya at takot sa kung ano ang mangyayari sa kinabukasan.

“Kailan ako makakalabas dito? Isa pa, paano kung puwede na akong lumabas pero hindi pa rin nagbabalik ang alaala ko, o di kaya ay wala pa rin akong kamag-anak na kumukuha sa akin? Paano ang hospital bills ko? Sino ang magbabayad niyon? At saan ako pupunta?”

“Si Dr. Garcia ang makakapagsabi sa iyo kung kailan ka makakalabas. Pero kagabi, nabanggit niya sa aking ire-refer ka daw niya sa isang espesyalista. So hintayin natin sila. Mamayang ten o’clock pa mag-iikot ang mga doctor,” saad nito. “Tungkol naman sa hospital bills mo, sagot ko ’yon, tutal ako ang dahilan kung bakit nandito ka. ‘Yung iba mong problema, huwag kang masyadong mag-alala. Habang wala pang nagki-claim sa iyo, ako ang bahala sa iyo. Hahanapan natin ng solusyon ang mga problema mo. Hindi kita iiwan. I’ll be your guardian angel.” Ngumiti ito.

Ngumiti na rin lamang siya.

Kumuha ang lalaki ng tissue at pinahid ang luha

sa pisngi niya. “Basta ang importante ay magpagaling ka. Kapag magaling ka na’y maaari na nating bigyan ng panahon ang iba mong alalahanin. One problem at a time. Okay?”

Tumango siya at napanatag sa assurance nito. Nagpaalam na ito nang dumating si Janet, ang first shift sa tatlong private nurses na kinuha ni Andrew para sa kanya. Nagulat siya nang hagkan siya ng lalaki sa pisngi bago umalis.

Naiwan siyang may matamis na ngiti sa labi. Ngunit saglit lamang iyon dahil mamaya ay kumirot na naman ang kanyang ulo.

KINAGABIHAN, NAKAUPO SI ANDREW sa gilid ng kama habang pinapanood nito si Carla na binabasa ang jackets ng mga librong pasalubong nito. Si Vicky, ang third shift private nurse, ay abalang nagbabasa ng pocketbook sa sofa.

Kagagaling lamang ng lalaki sa meeting kung saan pinag-usapan nila nina Dr. Garcia at Dr. Brillantes, ang espesyalistang titingin sa dalaga, ang tungkol sa kaso niya.

Hindi siya makatingin kay Andrew dahil hanggang ngayon ay nahihiya pa rin siya sa tuwing

maaalala ang halik na ibinigay nito sa kanya. Iba kasi ang naramdaman niya nang dumikit ang labi nito sa kanyang balat. Para siyang nakuryente, parang nag-init ang buo niyang katawan. Malamang para rito ay simpleng halik lamang iyon, isang halik na ibinibigay sa isang batang gustong aliwin, ngunit sa kanya ay hindi.

“Ano’ng napag-usapan ninyo ni Dr. Garcia?” nakatungong tanong niya.

Kinuha nito ang kanyang kamay. “Sabi niya, puwede ka na daw lumabas sa Friday. Pero you still have to take it easy for a month para gumaling ka nang husto,” pahayag nito. “Nandoon din si Dr. Brillantes, ang espesyalistang tumingin sa iyo kaninang umaga. Temporary amnesia lang ang case mo. Babalik din daw ang memory mo, hindi lang niya masiguro kung kailan. Maaari daw sa paggaling mo, or perhaps even earlier. Basta ang payo niya ay magpalakas ka daw muna, at huwag mong pilitin ang sarili mong makaalala dahil darating iyon nang kusa. Huwag kang maiinip.”

Hindi na binanggit ng binata ang sinabi ng espesyalista na ang pagbabalik ng memorya ni Carla ay depende kung may traumatic experience siya prior

to the accident na pilit niyang kinakalimutan. Kaya maaaring buwan o taon ang bilangin bago magbalik ang kanyang memorya.

“Paano kung by Friday ay hindi pa rin magbalik ang alaala ko at wala pa rin akong kamag-anak na magki-claim sa akin? Ano’ng mangyayari sa akin?” mangiyak-ngiyak na tanong niya.

“In that case, Dr. Brillantes will refer you to a psychiatrist. Tungkol naman sa iba mong problema, bigyan mo ako ng kaunting pang panahon at makakahanap din tayo ng solusyon sa mga iyon.”

Ipinikit niya ang mga mata. Parang gusto niyang kalimutan muna ang mga problemang kinakaharap; kahit man lamang sandali ay papahingahin ang utak sa mga tanong na naglalaro roon. Mayamaya ay naramdaman niya ang pagdampi ng mga labi ni Andrew sa kanyang pisngi.

Sa gulat ay napadilat siya. Nabasa niya ang pag-aalala sa mga mata nito. Minsan pa ay hindi niya napigilan ang pagtulo ng luha. Dahan-dahan siyang iniupo nito at niyakap, kasabay ang paghaplus-haplos sa kanyang mahabang buhok. Hindi niya alam kung gaano siya katagal umiyak. Nang tumigil na ang pagluha niya ay inilayo siya nang kaunti ng

binata upang titigan ang kanyang mukha.

“Alam mo, Carla, there are some people in this world who would gladly exchange places with you. Mga taong gugustuhing wala silang nakalipas at mayroong pagkakataong baguhin ang buhay,” sabi nito matapos ang ilang sandaling pagkakatitig sa kanya. “Hindi sa minamaliit ko ang mga worries mo, gusto ko lang malaman mong ang sitwasyon mo ay hindi ganoon ka-desperado.”

“Alam ko iyon, Andrew, kaya lang hindi ko mapigilan ang sarili ko na mag-isip,” buntong-hininga niya. “Paano kung hindi na bumalik ang aking alaala? Paano kung wala akong kamag-anak na pumunta dito para i-claim ako? Sabi mo, ikaw ang bahala sa akin. Kaya lang hindi naman puwedeng habang-buhay mo akong susuportahan. Darating ang panahong magsasawa ka sa pagtulong sa akin. Kapag nangyari ‘yon, paano na ako?”

Muli, tinitigan siya nito sa mukha. “Hindi ko alam kung ano ang kailangan kong gawin para maniwala kang hindi kita iiwan. I take my promises seriously, Carla. Isa pa, maraming suggestions si Dr. Brillantes kanina. Magaling siyang espesyalista. Maganda ‘yung recommendation niya na komunsulta

sa psychotherapist. Noong ma-realize kong nagkaroon ka ng amnesia, nag-research ako about it and I found out na maraming cases of temporary amnesia ang nagagamot ng mga psychiatrists and psychotherapists.”

“P-pero papaano ang... gastos ko?”

“Sabi ko naman sa iyong huwag mong alalahanin iyon. Basta lahat ng gagastusin mo para gumaling ka, ako ang bahala. Kung matagalan ang psychotherapy, you can always get on with your life. Iyon ang sabi ni Dr. Brillantes. Puwede kang magtrabaho. Diyan, matutulungan kita.”

“Paano mo naman malalaman kung anong trabaho ang puwede kong pasukin?” medyo nagdududang tanong niya.

“Maaaring ikaw, wala kang alam tungkol sa sarili mo pero ako, marami na akong alam tungkol sa iyo,” nakangiting sabi nito.

Napaangat ang isa niyang kilay. “Tulad ng ano?”

Itinaas nito ang kanang kamay para isa-isahin ang nalalaman nito tungkol sa kanya. “Edukada ka. Meron kang social skills. Mahilig kang magbasa.”

Nagulat siya roon. “Paano mo nalaman ang mga iyan?”

“Simple lang,” kibit-balikat nito. “Inoobserbahan kita. Let me explain. Paano ko nasabing edukada ka? Alam mong kontrolin ang iyong emosyon. Sa dalawang araw na kilala kita, nakita kong malungkot ka, medyo nagpa-panic, in despair. Pero never kang naging hysterical. Maayos kang magsalita. Ang pananalita at kilos mo ay pino, hindi bulgar. Kahit hindi ka masyadong nag-e-English ay nakakaintindi ka naman kapag nag-e-English ang kausap mo. Hindi nga lang natin masasabi kung ano ang tinapos mo, pero sigurado akong galing ka sa matinong school.

“Nasabi kong meron kang social skills kasi hindi ka mahiyain. Marunong kang makiharap sa tao. Katulad na lang kaninang umaga, naging maayos ang pakikipag-usap mo sa dalawang doctor. Nasabi ko namang mahilig kang magbasa, kasi tingnan mo ang books na ‘yan,” pagpapatuloy nito, sabay turo sa mga pocketbooks na pasalubong nito sa kanya. “Pagkabigay ko sa iyo, binasa mo agad ang blurbs ‘tapos nakapili ka kaagad ng gusto mong basahin. *Atlas Shrugged* pa by Ayn Rand. Medyo mahirap intindihin ang librong ‘yan dahil malalim ang mensahe, pero iyan ang napili mong basahin.”

Umaliwalas ang mukha niya. “Hindi ko pa

naman pala nakakalimutan ang lahat tungkol sa buhay ko.”

“According to what I have learned about temporary amnesia, ang mga basic skills ng isang tao ay hindi nakakalimutan. Automatic daw iyon na magma-manifest. Maaaring natutunan mo lang ang mga iyon pero second nature mo na sila, kaya ginagawa mo without thinking,” paliwanag ng binata. “Those things are enough para makahanap ka ng trabaho later on. Puwede rin na habang nagpapagaling ka, i-expose kita to different activities. Baka sakaling ang mga activities na iyon ang mag-trigger para magbalik ang memories mo.”

“Tama ka, Andrew. Hindi nga desperado ang sitwasyon ko. Pero paano kung talagang hindi ko na maalala ang past ko?” skeptical pa ring tanong niya.

“Then you will just have to learn to let your past go and make a new life for yourself. Sa umpisa, siguro mahirap, pero I am sure masasanay ka rin. Just let me handle things for you habang nagpapagaling ka. Ikaw ang nagsabi na ako ang guardian angel mo, so let me do my job. Okay?” Ngumiti ito nang malawak pagkasabi niyon.

“Okay,” nakangiti na ring sang-ayon niya.

Tumayo ito. "I have to go now para makapagpahinga ka na. You need plenty of rest para gumaling ka kaagad. See you tomorrow morning." Pagkasabi niyon ay hinalikan siya nitong muli sa pisngi.

Tulalang inihatid-tanaw niya ang lalaki sa pagitan ng paghaplos ng kanyang mga daliri sa pisnging hinalikan nito.

KINABUKASAN, maagang nagising si Carla. Nagpatulong siya kay Janet na maligo, magbihis at ayusin ang mukha. Ayaw niyang datnan siya ni Andrew na hindi pa nakakapag-ayos.

Tapos na siyang mag-almusal at nagbabasa na ng pocketbook nang may kumatok sa pinto. Hindi niya narinig iyon dahil ang atensyon niya ay nasa librong binabasa. Nag-angat lamang siya ng tingin nang marinig ang pagbukas ng pinto, kasunod ang pagpasok ng mga bisita.

"Good morning, Carla," masayang bati ni Andrew. May kasama itong babae na medyo may edad na.

"Good morning, Andrew," nakangiting bati niya. Nginitian din niya ang matandang babae na

awtomatikong tinugon iyon.

“Hi, I am Marilen Aranda. Ako ang secretary ni Andrew,” anito, sabay abot sa kamay niya.

Tumango siya. “Nabanggit nga ho kayo minsan sa akin ni Andrew. Kumusta ho kayo, Mrs. Aranda?”

“Please, let’s not be so formal this early in the morning. Tawagin mo na lang akong ‘Marilen’,” nakangiting turan nito. “At huwag mo na akong popoin.”

Umupo ito sa bandang paanan ng kama habang nakatingin sa kanilang dalawa ni Andrew na naupo malapit sa kanya. Katulad ng dati ay hinawakan nito ang kanyang kamay.

Itinaas ng binata ang kabilang kamay para ipakita sa kanya ang dalang plastic bag. “Here, may pasalubong akong grapes at lychees para sa iyo.”

Si Janet ang kumuha niyon upang hugasan.

“I can’t stay long this morning kasi meron akong naka-schedule na operation. Pumunta ako dito because I promised you last night that I would drop by in the morning. Isa pa, ayaw akong tigilan ni Marilen. Panay ang kulit sa aking ipakilala ko naman daw siya sa iyo,” malawak ang ngiting sabi nito.

“And you know why,” nakangiti ring sagot ng

babae.

Bahagyang nagulat and at the same time ay na-amuse si Carla nang makita ang pagba-blush ni Andrew.

“Aalis na nga ako. Mukhang katakut-takot na pang-aalaska ang aabutin ko dito,” natatawang saad nito pagkuwan. “I will try to visit you tonight kapag nalibre ako. If I don’t show up, then I’ll see you tomorrow morning.” Taas-kilay na binalingan nito ang sekretarya. “Marilen, you take care of Carla. Don’t reveal too much of my secrets.”

Natawa ang huli sa bilin ng binata. Si Carla naman ay bahagyang napakunot-noo. Sabay nilang pinanood ang paglabas ng lalaki sa silid.

Ayaw man niyang aminin sa sarili, medyo disappointed siya dahil hindi siya hinalikan ni Andrew bago umalis. Pinagkasya na lamang niya ang sarili sa isiping siguro ay nahiya ang binata dahil naroon ang sekretarya nito.

Naupo si Marilen sa tabi ng kanyang kama. “Now I know kung bakit interested sa iyo si Andrew,” nakangiting sabi nito.

Napatingin siya sa mukha nito. “A-ano ang ibig mong sabihin?”

“Simula kasi n’ung Wednesday, wala na ‘yang ibang bukung-bibig kundi Carla, Carla, Carla.” Ngumiti ito. “N’ung wala ka pang malay, maya’t maya tinatanong ako kung may balita na sa iyo. ‘Tapos n’ung magising ka na, every thirty minutes tinatanong ako kung tumawag ka ba daw. Naintriga naman ako. Nagtataka ako kung bakit sobra ang interes niya sa iyo but now that I’ve met you, alam ko na ang dahilan.” Muli, ngumiti ito nang makahulugan.

Nakakatunog na siya sa punto ng babae subalit hindi siya kampante roon kaya medyo alanganing tinanong niya ito. “Ano pala ang dahilan?”

“You’re so beautiful. Iba ang sparkle sa mga mata ni Andrew kanina habang nag-uusap kayo. Mukhang interesado talaga siya sa iyo.”

Totoo namang napakaganda ni Carla. Malaki ang mga mata niyang napapalibutan ng mahahaba at makakapal na pilik, matangos ang ilong, mapula ang mga pisngi kahit walang makeup, at ang labi ay mapula rin kahit walang lipstick. Ang hugis-pusong mukha niya ay parang sa anghel at lalo siyang gumaganda kapag nakangiti. Ang buhok niya ay makapal, tuwid, mahaba at itim na itim. Ang balat ay

maputi at mala-sutla sa kinis. At kahit sa suot niyang hospital gown ay mababanaag ang magandang hubog ng kanyang katawan.

“Naku, hindi,” kiming iling niya. “Nagkakamali ka sa iniisip mo. Sa palagay ko, ang tingin sa akin ni Andrew ay parang nakababatang kapatid niya. Ang totoo nga niyan ay sa noo at sa pisngi lamang niya ako hinahalikan.” Huli na para bawiin niya ang huling pangungusap. Napayuko na lamang siya upang ikubli ang pamumula ng mukha.

Rumehistro ang excitement sa mukha ng kausap. “Talaga? Hinalikan ka niya?”

Bahagya siya nag-angat ng ulo. “O-oo... pero halik-kapatid lang iyon, wala nang iba.”

“Hmm... we will see,” makahulugang saad nito.

Inisip niyang ibahin na lamang ang usapan. “Matagal na ba kayong secretary ni Andrew?”

Tumango ito. “Three years na. Pero even before that, kilala ko na siya. Dati kasi akong secretary ni Don Armando, ang papa niya, na isa ring doctor. Kaya lang nag-succumb siya sa liver cancer three years ago. N’ung mamatay si Don Armando, na-depress ako. Kasi bukod sa pagiging boss ko, matalik ko rin silang kaibigan ni Doña Josefina, ang asawa

niya. Para mawala ang depression ko, kinuha ako ni Andrew para maging secretary niya. So far naman, naging maganda ang aming relationship.”

“Buhay pa ba ang mama niya?”

“Oo. She’s on vacation right now sa kuya ni Andrew sa Los Angeles. Doctor din si Albert. He’s married to an Italian-American, si Sofia, and they now have two kids—Adrian and Stacy. Madalas si Doña Josefina doon; nawiwili kasi sa mga apo. Panay nga ang kulit niya kay Andrew na mag-asawa na para magkaapo na rin siya dito sa Pilipinas,” mahabang salaysay nito.

“Mukhang masaya ang pamilya nila,” bahagyang nakangiting komento niya.

“Masaya nga. They are all friendly, generous at matulungin. Kahit mayaman, hindi sila mayabang. Tingnan mo nga ako, ang turing nila sa akin, kapamilya na rin.”

“M-may girlfriend na ba si... Andrew?” Kanina pa niya ito gustong itanong kaya lang ay nahihya siya.

Lihim na napangiti si Marilen. “Sa ngayon, wala. Pero nagkaroon na, siyempre. Sa guwapo ba naman niyang ’yon. Pero lately, wala siyang special someone. Pero maraming naghahabol na mga socialites,

celebrities, mga tituladong babae, fellow doctors niya. Pero ang pinakamatindi ay ang kinakapatid niyang si Kelly. Anak 'yon ni Dr. Brillantes, 'yung espesyalistang tumingin sa iyo, at inaanak ni Doña Josefina. Best friends kasi sila at ang mama ni Kelly."

"Matagal na palang magkakilala si Andrew at si Kelly," pasimpleng komento niya.

"Oo, they practically grew up together. Thirty-five years old na si Andrew, while Kelly is twenty-eight. Kahit seven years ang age gap nila, magkasundung-magkasundo ang dalawa. I know for a fact na pangarap nina Doña Josefina at Doña Valeria na makasal si Andrew kay Kelly. She's in Australia right now, visiting her sister. Kapag nandito iyon sa Pilipinas, lagi 'yong nakabuntot kay Andrew. Kapag weekends, kung saan-saan resort naman sila pumupunta."

"Siguro ay gusto rin ni Andrew si Kelly," saad niya. "Maganda ba siya?"

"Oo. Mestiza kasi. Matangkad. Matalino, kaya lang ayaw magtrabaho. Social butterfly," sagot nito, sabay ngiti nang makahulugan. "Bakit marami kang tanong tungkol kay Andrew, interesado ka ba sa kanya?"

“Naku, hindi!” mabilis niyang tanggi. “Malayo ang agwat namin. Mayaman siya, sa tingin ko’y mahirap lang ako.” Tumingin siya sa kanyang mga kamay, kamay na hindi mapapagkaila na sanay sa trabaho. Working hands.

“Importante ba iyon sa iyo?”

“H-hindi. Pero baka sa kanya, importante ‘yon.” Pagkasabi niyon ay iniba na ni Carla ang usapan.

Natutuwa siya dahil nakakilala siya ng bagong kaibigan. Masarap kausap si Marilen dahil mahilig itong magpatawa at higit sa lahat, marami itong kuwento tungkol kay Andrew... na hindi man niya aminin ay unti-unti nang nagkakaroon ng pitak sa puso niya.

Pagkatapos ng isang oras ay nagpaalam na ang babae. Nangako itong dadalaw ulit sa kanya.